

Ano ang Paaralang Pangkomunidad?

Naniniwala ang UTLA na ang bawat bata ay may karapatan na makapag-aral sa isang mataas na kalidad na Likas-kayang Paaralang Pangkomunidad sa kanilang lugar. Sa buong bansa, umaani ng mga magagandang resulta ang mga paaralang pangkomunidad, tulad ng: pagtaas ng bilang ng mga nag-e-enrol, pumapasok at nagtatapos, pagdami ng mga estudyanteng tumutuloy sa kolehiyo, at pagbaba ng agwat ng mga natamo, bilang ng mga nagda-dropout, at madalasang pag-absent sa klase. Ang mga elemento at programa ng isang matagumpay na paaralang pangkomunidad ay base sa proseso ng pagtatasa ng pangagailangan, kasama ang lahat ng mga kahaligi sa komunidad.

Kadalasang Kasama Sa Mga Paaralang Pangkomunidad



- Ang ganap na pakikipag-ugnayan ng mga tagapagturo, kawani, estudyante, at mga miyembro ng komunidad.

- Pinalakas na kurikulum na mapang-engganyo, makabuluhan sa kultura at mapanghamon sa kakayanan, pati ang malawak na seleksyon ng mga klase at after-school na mga programa sa sining, wika, at araling etniko.

- Mga guro na may boses sa propesyonal na pagdebelop na may layunin na pinakamataas na kalidad ng pagtuturo. Pinahusay na paraan ng pag-assess sa mga estudyante para matulungan ang mga guro na matugunan ang mga pangangailangan ng mga estudyante.

- Wrap-around na serbisyo katulad ng pangagalaga sa kalusugan, pangagalaga sa mata at panlipunan at pang-emosyonal na paglilingkod na maipagkakaloob sa buong taon para sa buong komunidad.

- Positibong pagdisiplina katulad ng restorative na hustisya at mga panlipunan at emosyonal na suporta sa pag-aaral.

- Pakikipag-ugnayan at partisipasyon ng magulang at komunidad sa pagpapalano at pagdedesisyon.

Sa madaling salita, ang mga Paaralang Pagkomunidad ay sumisikap na maipantay ang mga pampublikong paaralan para maging sentro ng edukasyonal, panlibangan, kultural,